

Mga isyung nakaiimpluwensiya sa kababaihan sa cyberspace

Rojas, Victoria ✉

Leyte Normal University, Philippines (rojasvictoria1973@gmail.com)

Received: 20 February 2022

Available Online: 30 April 2022

Revised: 25 March 2022

DOI: 10.5861/ijrse.2022.853

Accepted: 20 April 2022

ISSN: 2243-7703

Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS



Abstract

At present, the emergence of the world of cyberspace is not just for the young generation but also to those who belong to the different age group groups, particularly the women. Various societal images are being attributed to women and these reflect how they are being valued. This study is an analysis of female characters in novels (wattpad stories) in cyberspace written by contemporary authors. The researcher examined three (3) novels written by young writers - 1.) Twin's Trick by iamyourlovelyriter; 2.) The Cassanova's Girl by itsAyesa; 3.) Whipped Entice by jonaxx. The purpose of the study was to determine the obstacles that are associated on the development of women's personality. The researcher utilized qualitative content analysis to attain the objectives of the study. Qualitative content analysis according to Valbuena (1985) is based on the presence or absence of a particular content, requires careful reading of the texts and is followed by summary and interpretation. In the three (3) novels, the obstacle to personality development among women's beliefs according to the researcher and respondents is the presence of valuing family relationships and inability to prioritize oneself. However, women's status became submissive to their husband to avoid conflict, while the novel also reflects the societal role of women as wives and mothers. These gave an interpretation that women give more importance to their roles as wife and mother rather than prioritizing oneself.

Keywords: cyberspace, status, novel, belief, role

Mga isyung nakaiimpluwensiya sa kababaihan sa cyberspace

1. Introduction

Ang *cyberspace* ay ang mundo na madalas pamalagian o tambayan hindi lamang ng mga nabibilang sa makabagong henerasyon kundi maging yaong mula sa iba't ibang pangkat ng gulang at estado sa buhay. Ibig sabihin lamang na mas maraming oras ang inilalaan nila sa loob ng *net* kumpara sa tunay na mundo. At ibig sabihin lamang ay dapat maging makabuluhan ang kanilang pananatili sa loob ng *cyberspace*. Hindi lamang paglalaro ng *online games*, pag-scroll sa *Facebook*, *Instagram* at iba pa, panunood sa mga *You tube chanel* o ibang pang maaring gawin sa *virtual world* ang magiging pokus ninuman lalo na ng mga kabataan. Ang pagbabasa ng mga akdang pampanitikan kagaya ng maikling kwento at nobela sa iba't ibang *social media apps* kagaya ng *Wattpad*, *Yugto* o iba pang *E-books*. Tanggapin nating mga guro na mas may interes sila doon kumpara sa magbuklat at magbasa ng mga aklat sa wika at panitikan sa loob ng library. Hindi na natin mapipigilan ang mga kabataan sa kanilang pagiging "adik" sa *cyberspace* dahil hindi naging kabagut-bagot ang kanilang pananatili doon kaya tayo na lamang mga guro ang pumunta o makibagay sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng mga gawain sa pagkatuto para hindi masayang ang oras sa kanilang pananatili roon at hindi na magiging sapilitan ang kanilang pagkatuto dahil sa gusto nila ang kanilang ginagawa.

Ang mga isyung Gender and Development (GAD) ay malimit nang mabasa na nakapaloob sa mga nobelang nagtamo ng gantimpalang Carlos Palanca noong Dekada 80 ayon sa pag-aaral ni Rojas, (2010). Sa kasalukuyan, ninais ng mananaliksik na malaman kung ang mga isyung ito ay makikita o mababasa na rin sa mga akdang pampanitikan kagaya ng nobela sa mga website ng internet kagaya ng *wattpad* na kung saan mas madaling ma-access ng mga kabataan, dahil sa mas mahaba ang oras na ginugugol nila sa *cyberspace* na maaaring magdulot ng positibo o negatibong epekto sa kanila sa panahon ng kanilang pag-aaral.

Isang kahalagahan ng pag-aaral na ito ay upang muling maipaalaala sa lahat lalo na sa mga kalalakihan ang pagkapantay-pantay ng dalawang kasarian at kapwa may mahalagang papel sa pagpapaunlad ng isang lipunan na kahit may mga batas at kautusan ng ipinapatupad na nangangalaga sa karapatan at kalagayan ng mga babae ay patuloy pa rin ang opresyon sa kanila patunay rito ang mga napapaloob pa sa mga akdang pampanitikan na mababasa sa *cyberspace* at sinulat ng mga kontemporaryong awtor. Sapagkat sa iba't ibang akdang pampanitikan din naipapakita ang opresyon sa mga kababaihan lalo na sa kamay ng kalalakihan (Villafuerte, 2000). Sa kabaguhan ng mga isyung kasarian, ito'y itinuring na isang mahalagang pag-aaral dahil sa ang mga kinauukulan nito'y kulang sa pagkalinga sa katutubong panitikan. Inaasahan na sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, magkakaroon ulit ng tiyak na larawan ang mga isyung GAD na nakapaloob sa mga akdang pampanitikan tulad ng nobela na sinulat ng mga komtemporaryong awtor na inilathala o idinawn-load sa *cyberspace*.

Ang diskriminasyon laban sa kababaihan ay ang anumang pag-uuri, eksklusyon o restriksyon batay sa kasarian na naglalayon o nagreresulta sa hindi pagkilala, pagtamasa o paggamit ng mga babae ng kanilang karapatang pantao o batayang kalayaan sa pulitikal, pang-ekonomiya, panlipunan, pangkultura, sibil o anumang larangan, may asawa man o wala, batay sa pagkakapantay-pantay ng lalaki at babae (CEDAW, Article 1). Lumitaw ang feminism dahil na rin sa paniniwala na ang panitikan ay nasa kamay ng mga lalaking manunulat na sa kanilang mga akda'y naglalarawan sa babae bilang mahina, marupok, tanga, emosyunal at pambahay lamang. Dahil ang panitikan ay nagpapahayag ng damdamin ng tao, ito ay mahalaga bilang paraan ng pagbabagong panlipunan. Mga akdang pampanitikan ang napili bilang paraan ng pagpapakita sa ngayon ng mga usapin o isyu hinggil sa kasarian at kaunlaran.

Ang pagbasa ng mga akdang pampanitikan sa internet upang tuklasin ang pantay-pantay na paglalarawan sa mga kababaihan sa kontemporaryong panahon sa mga piling nobela sa *cyberspace* mula taong 2010 hanggang kasalukuyan. Ang nobela ay isang akdang-buhay o kathambuhay na mahabang salaysayin na binubuo ng mga

kabanata na maaaring mayroong 60,000-200,000 salita o 300-1300 pahina. Ang mga nobela ay hindi na lamang mababasa sa aklat o iba pang nakalimbag na babasahin, ito ay mababasa na rin *online*, maaaring sa *cellphone*, *laptop* o *desktop*. May isang apps sa internet na may mga nobela, maikling kwento, atbp. kagaya ng *Wattpad*. Ang mga akda ng mga kontemporaryong manunulat ang pinili dahil sila ang kinagigiliwan at iniidolo ng mga kabataan sa kasalukuyan, katulad na lamang ni Bob Ong, Eros at iba pang kontemporaryong manunulat na kinabibilangan na rin ng mga kabataan na nagsusulat sa nabanggit na *apps* sa itaas, isang *website* na kung saan makababasa ang sinuman lalo na ang mga kabataan at mga mag-aaral ng mga akdang pampanitikan gaya ng mga nobela.

1.1 Teoretikal /Konseptwal ng Pag-aaral

Sa pag-aaral na ito, ninais na tuklasin ang mga isyung nakaiimpluwensiya sa kababaihan sa kontemporaryong panahon sa mga piling nobela sa cyberspace. Narito ang mga teoryang maaaring makatulong upang mabuo ang pag-aaral na ito. Ang Gender and Development o GAD ay may adbokasiyang magkaroon ng makabuluhang pagbabagong panlipunan sa pamamagitan ng papel ng kasarian sa kaunlaran ng isang polisiya, paniniwala (practice) o ideya. Ayon kay Parpart, (1995) “*GAD theory emphasized gender than women in development theory policy and practice.*” Ang mga tagasuporta ng GAD ay hindi tinatanaw na magkahati-hati ang dalawang kasarian sa kaunlaran, trabaho at kapangyarihan bagkus magkatuwang sila sa pagpapaunlad ng isang lipunan.

Mula sa development at feminist framework umusbong ang dalawang nakahihigit na feminist development theories, ang Women in Development (WID) at Gender and Development (GAD). Nilayon ng WID na malunasan ang hindi pagsali ng kababaihan sa paggawa ng plano at polisiya sa kaunlaran. Hinihikayat na ang kababaihan ay makibahagi sa pagpapalano at pagbibigay ng polisiya tungo sa kaunlaran. Samantala ang GAD naman ay nakatuon sa pagkakaroon ng pantay na karapatan ng mga lalaki at babae sa anumang larangan sa buhay. Ipinapakita na hindi na pangalawa ang babae sa lalaki pagdating sa kaunlaran kundi sila ay pantay at parehong may karapatang umunlad at magdesisyon para sa sarili. Binibigyan din ng kapangyarihan ang kababaihan na kumawala sa tradis-yon na gumagapos sa kanila upang umunlad (Parpart et al., 2000).

Ang isang feminista ay tumataguyod o sumusuporta sa mga karapatan ng mga kababaihan. Ayon kay Hannam (2007), *Feminism is a theory that men and women should be equal politically, economically and socially*. Sa pagbabago ng tingin sa babae naisilang ang isang bagong pananalig sa kritisismo na tinatawag na feminismo. Ito ay isang kilusang nagnanasang maangkin ng babae ang kapantayan sa lalaki. Sa pagsusuri gamit ang teoryang ito, malinaw na ipinapakita ang pantay na pagtingin sa kasarian. Tungkulin ng teoryang ito na ipaliwanag ang mga pagbabago na kinakailangang matamo ng mga kababaihan sa lipunan. Samakatuwid, sa teoriyang feminismo, binigyang pansin ang kahalagahan ng mga kababaihan sa lipunan. Idinagdag pa ni Hannam na:

Feminism touches on the idea that women are never equal to men, thus belonging in a lower rank. They are now making an attempt in order to correct this inequality between this to two genders.

Ang teoryang feminismo ay pagtitipon ng mga kilusan at mga kaisipan na may layuning magtakda, magtatag, at maipagtanggol ang pantay na pampulitika, pangkabuhayan, pangkultural at panlipunang karapatan para sa mga kababaihan. Nabibilang dito ang pagtatatag ng pantay na pagkakataon para sa kababaihan sa edukasyon at paghahanapbuhay. Ang isang feminista ay naniniwala na ang lalaki at babae ay pantay sa aspetong pulitikal, ekonomik at sosyal. Sa tesis ni Acuin (2016), napatunayan na mahalaga ang paggamit ng teoryang ito sa pagsusuri ng mga akdang pampanitikan na may kinalaman sa kasarian at kaunlaran dahil napapalutang ang tunay na kagandahan ng akdang susuriin.

Sa kabilang banda naman, may mga kumpanya at kapitalista na kung sila ay tatanggap ng isang babaeng empleyado, kinakailangang sila ay bata at dalaga pa. Ito ay binigyang-diin sa Marxist Feminism (1976) na

nagsasaad na:

“Contemporary Marxist feminist continue this line of argument by asserting that capitalism, the current form of class society, perpetuates the subordination of women by enforcing their economic dependence on men. They argue that keeping women subordinate is functional to the capitalist system in a number of ways. Women give birth to the new labour force and continue to do unpaid domestic labour. Women also form a reserve army of labour, that is, they provide a cheap and available force to compete for existing jobs, thereby creating a cheap pressure on wages”.

Dahil na rin ito sa paniniwala na ang babae ay masunurin, masinop at kimi. Sa pagawaan ng mga damit, pagkain at maging sa elektroniks makikita ang mga babaeng manggagawa na kung saan sila ay nakararanas ng diskriminasyon at pananamantala tulad ng mababang pasahod, sobrang pagtatrabaho, kontraktwalisasyon, pagkakait ng mga benepisyo kagaya ng pagbibigay ng mga pagsasanay at promosyon.

Sa kasaysayan naman makikita ang pag-iral ng pananamantala sa kababaihan lalo na sa kababaihang manggagawa. Ito ay bunga ng sistemang pyudal-patriyarkal na umiiral noon pa mang unang panahon na siyang pinaniniwalaan ng Radical Feminism:

“Radical feminism insists that women’s subordination does not depend on other forms of domination, such as class. They argue that patriarchy, or the domination of women by men is primary: it existed in virtually every known society, even those without classes. Women’s subordination, as it is deeply embedded in individual psyches and social practices is more difficult to change than class”.

Mapapansin sa nakasaad sa itaas na ang kalalakihan ay mas mahusay at makapangyarihan kaysa sa kababaihan. Ipinapakita rin dito na ang papel na ginagampanan ng kababaihan ay gawain ang mga gawaing-bahay, mag-alaga ng asawa at mga anak at ang kalalakihan ang siyang magtatrabaho para mabuhay ang pamilya. Sa madaling sabi, ang Racial Feminism ay nakatuon sa paniniwala na ang mga lalaki at sistemang patriyarkal ang pangunahing dahilan sa opresyon sa kababaihan.

Ayon kay Sorsogon City Gender and Development Chief Rose Abay sa isang panayam ni Recibido (2010), ang karahasan sa kababaihan ay maaaring pang-iinsulto, pagbabanta, pambubugbog, paggamit ng mga armas at pang-aabusong sekswal. Napakarami pang karahasan sa mga kababaihan ang ating makikita sa ating paligid. Nariyan din ang pisikal na karahasan, tulad ng panggagahasa, pananakit at pagpatay na kinabibilangan na rin lalo ng mga menor de edad na kababaihan. Ibig sabihin, kailanman ay hindi nagkaroon ng patas na pagtingin sa dalawang kasarian. Ang mga kababaihan ay may ibang ginagampanan sa lipunan na masasabing mababa kung ihahambing sa mga kalalakihan. Hindi pa rin nagtutuunan ng pansin ng media ang isyung may kaugnayan sa babae. Patuloy ang pagpapakita ng stereotype na papel ng babae sa iba’t ibang uri ng media. Kaya umusbong ang teoriyang ito upang maipakita na kinakailangang ipantay ang dalawang kasarian.

Ang mga teoryang nabanggit, lalong-lalo na ang Gender and Development ay magsisilbing gabay at patnubay sa pag-aaral na ito upang matamo ang mga kinakailangang datos at magawa nang tama at maayos ang gagawing panunuring pangnilalaman sa mga maiikling kwento na mababasa sa cyberspace. Ayon kay Arogante, (1991) ang nobela o kathambuhay ay isang sining na sangay ng panitikan na naglalahad o naglalarawan ng mga pangyayaring nagaganap sa buhay at umiikot ayon sa karanasan ng tao sa kanyang sarili at sa kanyang kapaligiran. Ito’y tinawag na kathambuhay na galing sa salitang katha na nangangahulugang likha ng panulat at buhay sapagkat ang mga kasaysayang ngan isinalaysay, kung hindi man lubos na gawa ng isip ay hinango sa mga pangyayaring tunay na naganap sa buhay na maaaring nasaliksik, nasaksihan o naobserbahan, napanayam, o kaya’y naranasan.

Samantalang para kay Belvez (2000) ang nobela ay bunga ng panitik ng isang manunulat na naglalarawan

ng buong kabuhayan o bahagi ng isang buhay na hiniyasan ng mga bagay-bagay na nagyari o maaaring mangyari, na ang layon ay magbinhi ng mga simulain o aral na hangad pagbunangahin ng sumulat, o magdulot ng aliw sa mga mambabasa sa pamamagitan magagandang paglalarawan, ng mga gawi at galaw sa pamumuhay, o maglahad kaya ng panganib o sama na makalalason sa kadakilaang- asal upang maiwasan at malayuan.

Ang mga isyung nakakaimpluwensiya sa kababaihan ay ang kawalan ng pantay na oportunidad sa pagtatrabaho na kung saan may limitasyon sa pagpipilian ng mapagtatrabahuan ang kababaihan; mas maraming papel na ginagampanan ang kababaihan sa loob ng kanilang tahanan; ang kababaihan ay hindi gaanong nabibigyan ng pagkakataon na sumali sa proseso ng pagpapalano at pagbibigay o pagbuo ng desisyon; tinatanggap ng lipunan ang pagtataksil ng kalalakihan subalit kinokondena at pinandirihan ang kataksilan ng kababaihan; ginagamit na sex objects ang kababaihan sa mga ads sa TV at pahayagan; mga pang-aabuso sa kababaihan- pisikal, berbal, sekswal- na nangyayari sa loob at labas ng kanilang tahanan at marami pang isyu sa hindi pagkapantay-pantay ng kababaihan at kalalakihan sa ating lipunan (NEDA-RDC8, 1997).

Ang isyung ekonomik ay ang kalagayang pinansyal na may kaugnayan sa mga materyal pag-aari ng isang indibidwal at ganoon din sa kung anu ang paraan niya upang kumita ng pera na siyang pinagkukunan niya ng kanyang ikinabubuhay. Tumutukoy naman ang aspetong pulitikal sa kapangyarihan ng isang tao, sa pantay na kapangyarihan sa dalawang taong may relasyon, sa pamilya at sa pangkat o samahan /organisasyon. Ang isyung sosyal ay ang pakikipag-ugnayan naman ng isang indibidwal sa kanyang kapwa o sa lipunan na kanyang kinabibilangan, kung paano siya kumilos, gumawi o magsalita sa harap ng ibang tao. Ang kultural na isyu naman ay tumutukoy sa mga paniniwala, tradisyon, kilos o gawi o ang *social behavior* ng isang tiyak na bansa o pangkat ng mga tao (Encarta Dictionaries).

Ang proseso ng panunuring pangnilalaman ayon kay Krippendorf (2004). ay kailangang masagot ang sumusunod na katanungan sa bawat panunuring gagawin ng isang tagasuri: 1.) Alin ang datos na susuriin? 2.) Paano ito binigyang-katuturan? 3.) Ano ang populasyon kung saan ito kinuha? 4.) Ano ang konteksto na may kinalaman sa pag-aanalisa ng mga ito? 5.) Ano ang hangganan ng gagawing pag-aanalisa? 6.) Ano ang target inferens? At kapag nagawa ang pagsusuri batay sa mga nabanggit sa itaas ay tiyak magkakaroon ng isang ganap na pagsusuri ng isang akda kagaya ng nobela.

Sa pagsusuri ng mga akdang pampanitikan, lahat ay nangangailangan ng masigasig na pagbabasa ng teksto at susundan ng paglalaragom at interpretasyon. Ito ay mauuring produkto o resulta ng tinatawag na kwalitatibong pagsusuri ng nilalaman o qualitative content assessment (Valbuena, 1985). Ang mga teorya sa panunuring pangnilalaman na nabanggit ay nagsilbing gabay at patnubay sa pag-aaral na ito upang matamo ang mga kakailanganing datos o magawa nang tama ang gagawing pag-aanalisa sa mga akdang pampanitikan. Ang mga ideya't simulain pati na ang katangiang dapat taglayin ng isang tagasuri ay nakatutulong din nang malaki sa ikatatagumpay nito.

1.2 Ang Suliranin

Layunin ng pag-aaral na tuklasin ang mga isyung nakaiimpluwensiya sa kababaihan na nakapaloob sa mga piling nobela sa cyberspace na sinulat ng mga kontemporaryong awtor. Tinitiyak na mabigyang- kasagutan ang sumusunod: 1. mga isyung nakaiimpluwensiya sa kababaihan ekonomik, pulitikal, sosyal, at kultural.

1.3 Saklaw at Limitasyon ng Pag-aaral

Saklaw ng pag-aaral na tuklasin ang mga isyung nakaiimpluwensiya sa kababaihan at ang pantay-pantay na paglalarawan sa kababaihan sa kontemporaryong panahon sa mga piling nobela sa cyberspace mula sa taong 2010 hanggang kasalukuyan. Ang mga isyung ito ay ang ekonomik, pulitikal, sosyal at kultural. Sinuri sa pag-aaral na ito ang tatlong (3) nobela na na mababasa sa cyberspace na sinulat ng mga kontemporaryong manunulat; 1.) Twin's Trick by iamyourlovelyriter; 2.) The Casanova's Girl by itsAyesa; 3.) Whipped Entice by jonaxx.

1.4 Kahalagahan ng Pag-aaral

Mahalaga ang pag-aaral na ito sa mga guro ng/sa Filipino at sa mga kumukuha ng asignaturang Filipino bilang medyor para sa pagsasanib ng isyung GAD o gender and development sa pagtuturo ng iba't ibang akdang pampanitikan. Makatutulong din nang malaki ang pag-aaral na ito sa pagpapaabot sa kanilang mag-aaral ng mga isyu na may kinalaman sa kababaihan. Mahalaga rin para sa lahat upang malaman na hanggang sa kasalukuyan ay may diskriminasyon pa ring nangyayari sa kababaihan sa kamay ng kalalakihan at may bagong perspektibo na magbibigay ng pantay na pagkilala sa kontribusyong nagagawa ng kalalakihan at ng kababaihan sa lahat ng aspeto ng kaunlaran sa lipunan, ng sa gayon makamit din nila ang kanilang mga mithiin at upang ang hindi pagkakapantay na ito ay maging oportunidad para sa dalawang pangkat ng mga babae at mga lalaki.

1.5 Katuturan ng mga Talakay

Ang mga katawagang nakatala sa ibaba ay ang ginamit sa pag-aaral na ito:

Gender and Development. (Kasarian at Kaunlaran) ay tumutukoy sa perspektibong pagpasok ng mga kababaihan sa larangang ginagalawan ng mga kalalakihan at kapwa may papel na ginagampanan sa kaunlaran mula sa nobela sa cyberspace na pagtutuunan ng pag-aaral.

Kontemporaryong Nobela. ay ang mga makabagong nobela na kinahihiligan ng mga millenials na sinulat ng mga makabago o kontemporaryong awtor na makikita at mababasa sa mga website o cyberspace.

Cyberspace. ay ang mundo ng internet na kinahuhumalingan ng mga kabataan sa kasalukuyan at kung saan makakukuha ang sinuman nang malawak na kaalaman sa isang pag- click lamang sa keyboard ng laptop o computer.

Ekonomik. ang kalagayang pinansyal na may kaugnayan sa mga materyal pag-aari ng isang indibidwal at ganoon di sa kung anu ang pinagkukunan niya ng kanyang ikinabubuhay ay binibigyang pansin sa pagsusuri sa nobela.

Pulitikal. ito ay ang kapangyarihan ng isang tao, o sa pantay na kapangyarihan sa dalawang taong may relasyon, sa pamilya at sa pangkat o samahan /organisasyon at tumutukoy rin sa kapangyarihan ng kababaihan sa pagpapatakbo at pagdidisiplina ng bawat kasapi ng pamilya.

Sosyal. ang paraan ng pakikipag-ugnayan ng babaeng karakter sa kanyang kapwa at kung may oras pa ba siya para paunlarin ang kanyang pakikipag-ugnayang sosyal sa labas ng kanilang tahanan na nakatutulong upang paunlarin din ang kanyang sarili o personalidad na hindi makasisira sa pamilya dahil nga sa makabago o agresibong ideya o pamamaraan ng kasalukuyang panahon.

Kultural. ay ang paniniwala at tradisyon na sinusunod at pinaniniwalaan ng babaeng karakter at kung paano ito nakatutulong o nakahahadlang sa kanyang pag-unlad. Ang kulturang kinabibilangan ng kababaihan ay may tendensyang maging konserbatibo na nagiging hadlang sa kanyang pag-unlad dahil salungat sa mga ideya at pamamaraan sa kasalukuyan.

2. Methodology

2.1 Disenyo ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay kwalitatibo o deskriptibo na pananaliksik sa larangan ng panitikan. Ginamit ang pamamaraang ito upang mailarawan ang mga katangian ng bawat akdang susuriin. Sa pag-aaral ay ginamit din ang pag-aanalisisang pangnilalaman na kung saan gumamit ng isang masistematikong pagkaklasipika at pagsusuri sa nilalaman ng dokumento ayon sa kriterya. Ang kwalitatibong panunuring pangnilalaman ayon pa kay

Valbuena (1985) ay batay sa pagkamayroon o di- pagkamayroon ng isang partikular na nilalaman, nangangailangan ng masusing pagbabasa sa mga teksto at susundan ng pagbubuo at interpretasyon. Sa pagsusuri, inalam ang mga nakaiimpluwensiya sa kababaihan; ekonomik, pulitikal, sosyal at kultural.

2.2 Kaligiran ng Pag-aaral

Ang mga nobela na makikita sa *cyberspace*, ay mga *wattpad stories* na isinulat ng mga kontemporaryong awtor kagaya nina Bob Ong, Eros S. Atalia at iba pang mga kabataang awtor mula sa taong 2010 hanggang kasalukuyan ang siyang naging kasangkot sa pag-aaral na ito. Pinili lamang ng mananaliksik ang tatlong (3) nobela na sinuri ayon sa kriterya. Ang pag-aaral ay ginawa at binuo sa Leyte Normal University, syudad ng Tacloban kung saan kasalukuyang nagtuturo ang mananaliksik.

2.3 Instrumentong Ginamit ng Pag-aaral

Isang talahanayan ang binuo sa pag-aaral na ito na naglalahad ng mga isyung nakaiimpluwensiya sa kababaihan na may limang (5) hanay na kung saan nakapaloob ang ginawang pagsusuri ng mananaliksik; Ang mga nobela sa *cyberspace*, ang mga isyu sa kababaihan; ekonomik, pulitikal, sosyal at kultural. Ginawang hulwaran sa pagbuo ng talahanayan ang Phenix Factor Matrix na ginamit din ni Rojas (2010) sa kanyang pag-aaral.

2.4 Paraan ng Pagkalap ng mga Datos

Sa pag-aaral na ito ginawa ang sumusunod na hakbang: Sa pag-aaral na ito ginawa ang sumusunod na hakbang: Una, ginawa ng *pre-survey* sa mga nobela sa cyberspace na sinulat ng mga kontemporaryong awtor upang matiyak na ang mga ito ay naglalarawan sa kababaihan at naglalaman ng mga isyung *Gender and Development*; Ikalawa, binasa ang mga napiling akda at sinuri ang mga ito upang malaman ang tema o konsepto; Ikatlo, inalam ang mga isyung nakakaiimpluwensiya sa kababaihan na mababasa sa nobela ayon sa ekonomik, pulitikal, sosyal at kultural na aspeto.

3. Presentation and Interpretation of Data

3.1 Talahanayan 1

Mga isyung nakaiimpluwensiya

Mga nobela sa Cyberspce	Ekonomik	Pulitikal	Sosyal	Kultural
1. <i>Twin's Trick</i>	- kahirapan -pagiging mayaman	-mababa ang pagtingin	- paglayo at pag-iwas sa kapwa	pagprotekta sa mga anak
2. <i>The Cassanova's Girl</i>	-kahirapan -pagiging mayaman	-pag-abuso sa kahinaan	-pag-iwas sa karamihan	Pagmama-hal ng magulang
3. <i>Whipped Entice</i>	-di pagkapantay-pantay	-dominante sa babae	-pag-ilag sa ibang tao	- paggalang sa nakatatanda

Ang unang nobela, ang *Twin's Trick*, ang isyung **ekonomik** ng nobela ay ang kahirapan ng babaeng tauhan ay pagiging mayaman naman ng lalaki na kung saan palaging may pader na nakapagitan sa dalawang may magkasalungat na antas sa lipunan. Nangyayari ang ganitong relasyon halimbawa sa loob ng mga tanggapan, sa pagitan ng empleyado na isang babae at kanyang boss na isang lalake na kadalasan ay nauwi sa pagkakamabutihan o mas lamang ang pang-aabuso. Ang pagiging mahirap ng pangunahing tauhan na babae at pagkakaroon nito ng hanapbuhay na panlalaki bilang isang mekaniko ay nagdulot sa kanya ng labis na kabiguan.

Ayon sa nobela:

"Sino naman ang babaeng iyon? ikaw?" malakas itong tumawa na para bang napakaimposible ng ideyang siya nga ang babaeng iyon. mabilis siyang humalukip upang kahit paano ay bantayan ang sarili niya. Iniisip lang niya na lasing na ito kaya kung anu-ano na ang

pinagsasabi nito. "You aren't Xyler, Aleeyah. Hindi ka siya at hindi siya ikaw kaya impossibleng mahalín kita." Sino lang ba siya? Isa siyang hamak na babae na kahit pambili lang ng damit na gusto niya ay hindi niya magawa dahil mas gugustuhin niyang unahin ang pangangailangan ng kanyang pamilya. Wala na nga siyang oras na mag-ayos at saka sanay na sanay na ang balat niya sa dumi at grasa mula sa mga sasakyan. Hindi kagaya ni Xyler, Xyler is every man's perfect girl. She's gorgeous, classy, elegant, smart, rich, successful at galing sa Buena familia. Kung ire-rate silang dalawa, walang pwedeng ikompara dahil talong-talo na siya. Sa puso ng lalaking mahal niya ito pa rin ang panalo, wala siyang galit kay Xyler inggit meron pero galit wala. Bakit naman siya magagalit dito kung wala itong pinapakitang kasamaan sa kanya. Kahit siya sa paningin niya sobrang perfect ng karibal niya kaya hindi niya masisisi kung si Eon ay mas pipiliin ito. Walang-wala siya kompara sa babaeng mahal nito, walang-wala, walang pwedeng ikompara. She's just a spect of dust while Xyler is a pot of gold."Hindi ko naman sinabi na ako." Mahinang sabi niya. "Mabuti iyan."

Ang babae sa kasalukuyan ay gumagawa na rin ng paraan para makatulong kahit sila ay nasa bahay lamang ngunit kadalasan ay mas lumalaki ang problema ng mag-asawa dahil ang pangungutang pala sa 5-6 at sa mga *microfinances* gaya ng ASA PHIL, CARDBANK, SAMECO, Taytay sa Kauswagan at marami pang iba ang napagbabalingan ng babae sa oras ng kagipitan kaya lalo lamang silang nababaon sa kahirapan at dahilan upang mag-away ang mag-asawa dahil ang babae ang sinisisi ng lalake at hindi niya inisip ang kanyang kakulangan bilang padre de pamilya kung kaya kumakapit sa patalim ang isang babae sa pamamagitan nga ng pangungutang para lamang may pagkain at makapag-aral ang mga anak. May mga mag-asawa na napipilitan lamang magpakasal dahil nabuntis ang babae kaya saka pa lamang nakikita ang kahinaan, pagkukulang at tunay na ugali kapag sila ay nagsasama na. May isang kaso pa rin ang nailathala sa *Youtube channel* noong September 3, 2018 na kung saan ipinaaresto ng babae ang kanyang asawa nang sila ay magharap sa *channel 5* mismo dahil sa pagiging babaero, irresponsable at pananakit nito. Masyadong minaliit ng lalaki ang kakayanan ng babae. Naging madali sa lalaki na magawa ang mga pang-aabusong ito dahil sila ay nakapisan sa pamilya niya. Hindi siya pinapahawak ng pera sa halip ang nakatatandang kapatid nito ang pinapag- *withdraw* sa *ATM machine* tuwing sahod at kailangan pang humingi ng pambili ng *diaper* ang babae sa pamilya ng lalake upang mabigyan lamang. Sa isyung **pulitikal** ng nobela ay ang mababang pagtingin sa kakayahan at katauhan ng isang babae. Talagang malupit kung makapanghusga ang mga tao. Ang kanilang tinitingnan ay kung ano ang nakikita ng kanilang mga mata at hindi ang kung ano ang kanilang nararamdaman sa isang tao. naging mababa ang pagtingin ng babae sa kanyang sarili lalo na nang siya ay mabuntis ng lalaking amo at inakalang ganoon siya tatrathuhin nito batay sa pagkakilala niya rito at dahil sa boss niya ang lalaking lihim na minamahal, naging sunud-sunuran at mapagbigay siya dito hanggang isang gabi ng pagdamay niya rito ay may nangyari sa kanila dala na rin ng kanilang kalasingan.

Sinabi sa nobela:

"Nagbabayad pa rin sila sa apartment na tinitirahan nila at may mga gastusin din sila. Dalawa kasi ang binubuhay niya at puro babae pa kaya medyo maraming gastusin pero sulit na sulit naman ang pagod na nararamdaman niya tuwing nakikita niya ang mga bata. Minsan ay naisip niyang sana tinanggap nalang niya ang perang ibinigay sa kanya ng tatay ng mga ito sana mas maganda ang buhay nila ngayon. Pero naisip din niya na kapag ginawa niya iyon ay para na rin siyang bayarang babae at malayo siya sa katagang iyon. Tanga at martyr siya iyon pero hindi siya bayaran at iyon ang ipaglalaban niya. Hanggang ngayon ay punong-puno pa rin siya ng galit sa dibdib niya at ang galit na iyon ay ginamit niya para mahalín ng husto ang kanyang mga anak."

Nangyari ito kung hinahayaan ng babae na tratuhin siya nang ganoon ng lalaki. Kung alam ng lalaki na madaling mauto ang isa, ito ay kanyang sinasamantala. Ang pagpapakita ng kahinaan ng isang babae ay madalas kaysa hindi ay inaabuso ng lalaki. Sa mga mag-asawa, kung minsan, kasalanan din ng babae kung hindi

maganda ang pagtrato sa kanya ng kanyang *bana* dahil hinahayaan niya na siya ay abusuhin, pisikal, emosyonal at mental. Sa isyung **sosyal** ng nobela, ang paglayo o pag-iwas sa kapwa. Lumayo ang babae at umiwas sa lahat ng nakakakilala sa kanya at sa kanyang amo para huwag ng masaktan lalo na ang mga anak. Inilayo ang kanyang sarili sa dati niyang mundo upang maiwasan ang mga taong nakakakilala sa kanya at ang lalaking minahal nang labis at upang mapangalagaan ang mga anak. Ayaw niyang maranasan ng mga anak ang kanyang naranasan, ang hindi tanggapin at hindi kilalanin ng kanilang ama.

Ayon sa nobela:

“Kaya nga hindi niya sinabi kung sino ang ama ng mga anak niya baka kasi mapahamak ang mga ito. Hindi naman kasi basta-basta ang mga taong iyon, sila iyong mga mayayaman na kilala sa lipunan. Sila iyong mga taong nagagawa ang lahat dahil sa pera, sila iyong walang takot na gumawa ng mali dahil makakaligtas pa rin sila. Mas mabuti ng manahimik nalang siya besides she already moved on. Lumayo sa lahat ng may kaugnayan sa kanya sa lalaki. Kung anumang pagmamahal ang naramdaman niya para sa ama ng kanyang kambal ay nawala na, mas mahal na niya ang mga anak niya ngayon. At gagawin niya ang lahat hindi lang magkrus ang landas nilang dalawa at ng mga bata.”

Wala nang ikasasakit sa isang ina ang hindi kilalanin ang kanyang mga anak ng lalaking minahal. May mga pangyayari sa tunay na buhay na kung saan inireklamo at inihahabla ng anak ang ama dahil sa hindi pagsuporta sa kanya hanggang umabot sa puntong hiningan pa siya ng *DNA test* para mapatunayan lamang na anak niya talaga ang bata. Sa sa isyung **kultural** ng nobela, ang pagprotekta nang labis ng isang ina sa kanyang mga anak. Likas na sa isang ina ang mas inuuna ang kapakanan, mahal in ang mga anak at magsakripisyo para lamang maprotektahan ang mga ito. Masasalamin ang paniniwala na ang isang pamilyang Pilipino ay dapat buo, nagkakaisa at nagmamahal. Kaya ginawa ng kambal ang lahat para paglapitin ang kanilang mga magulang upang masuklian nila ang kanilang ina sa mga paghihirap nito para maalagaan lamang sila.

Makikita sa nobela:

“Nang malaman ng mga ito na nabuntis siya at hindi niya sinabi kung sino ang ama ay galit nag alit ang mga ito. Naiintindihan niya ang galit ng mga kuya niya, ang nanay niya ay disappointed din sa kanya at mas lalong naging mahirap ang pagtanggap nito sa pinagbubuntis niya. Muntik na nilang ipalaglag ang kanyang pinagbubuntis pero mas nanaig pa rin ang kabutihan ng mga ito sa pagmamakaawa niya. Inatake ito sa puso, naging malamig ang pakikitungo nito sa kanya kahit na noong mga panahon na nagbubuntis siya. Dinamayan siya ng kanyang nanay, hindi talaga matitiis ng isang ina ang anak niya”.

Ang kahalagahan ng pagiging babae at pagkababae ayon sa pahayag ni Rizal na "*Ang pinakadiwa ng pagiging babae ay ang pagiging mabuting ina at asawa*". Kung maswerte ang mga magulang sa pagkakaroon ng masusunurin at mababait na mga anak, mas maswerte ang mga anak sa pagkakaroon ng mga responsable at mapagmahal na mga magulang. Kaya dapat tandaan na sa pagsilang mo palang ang iyong ina ang nagsakripisyo upang makita mo ang kagandahan ng mundo at ayon nga sa kasabihan "*Ang isang paa ng isang ina na nagsisilang ay nasa bingit ng kamatayan*." Kaya naman kailangang irespeto, igalang at mahal in nating ang unang babae sa ating buhay na walang iba kundi ang ating Ina at hindi lang iyon pati na rin ang lahat ng kababaihan sa buong mundo dahil mahalaga ang papel nila sa ating lipunan.

Sa nobelang *The Cassanova's Girl*, ang kahirapan ng babaeng karakter at pagiging mayaman ng lalaki ang isyung **ekonomik** ng nobela. Tiniis ng babae ang panlilibak sa kanya ng mga tao dahil nga sa magkasalungat nilang kalagayan o estado sa buhay ng lalaking nagpahalaga sa kanya. Ang pagiging mahirap ng pangunahing tauhan sa nobela at ang pagkakaroon niya ng kaugnayan sa isang *campus heartthrob* at mayamang binata ay nagdala ng kaguluhan sa kanyang dating simple at tahimik na buhay.

Mababasa sa nobela:

*"Tell me...is that you Ms. Campus Alipin?" Gosh, napansin niya ata. Nagsisisi nako sa ginawa ko. Dapat nalang umalis nako eh. "Uh...no.." yumuko ako. "Shut up b*tch its you!" Oh no. Pls someone save me! Napansin na yata niya na ako ito. "You can't lie to me. Its you!" Gulat niyang sabi. Aalis nako, bahala na si superman. Akmang aalis nako ng hinila niya ng malakas ang braso ko dahil na ma out balance ako. "So nagpaplastic surgery ka pa para gumanda ha?" Sabi niya na may halong galit. Ano bang pinagsabi niya, hindi ko alam kong ano ang pinagsasabi niya kasi hindi naman ako nagpaplastic surgery. "Ang kapal talaga ng mukha mo no! Nagpaganda ka lang para makipaglandian sa isa sa mga hottest heartthrob namin!" "Ano bang pinagsasabi mo ha? Hindi ko alam kung saan galing yang mga salita na sinasabi mo." "Edi sa bibig. Saan paba galing?" May biruan palang magaganap ano? Hindi naman as in nakakatawa yung joke niya. Kaya medyo waley ata. "Tsaka nagpaplastikan pa. Hah, hindi kaba nahihiya sa sarili mo? Tingnan mo nga yang mukha mo, puro plastic!" "Wag mong sabihin yan kasi hindi yan totoo!" Tumayo ako para iayos ang sarili tapos humarap sa kanya. "For your information, let me correct you. Hindi ko alam kung saan nanggagaling yung mga sinasabi mo. Hindi ako nagpaplastic surgery. Bakit na insecure ka ba sa beauty ko?"*

Talagang mahirap magtagpo ang langit at lupa dahil nariyan lamang sa tabi ang mga mapanghusga at mga mainggiting nilalang. Sila yaong hindi masaya kapag ang kanilang kapwa ay nakalalamang sa kanila. Hindi sila masaya kung ang kanilang kapwa ay masaya rin. Minsan pa nga, dahil sa kanilang labis na pagkainggit, nakagagawa sila ng masama sa taong kanilang kinaiingitan. Sa isyung **pulitikal**, ang pag-abuso sa kahinaan ng babae dala na rin ng kahirapan Inabuso ang kahinaan ng babae dahil na rin sa pagiging masalapi ng lalake. Naging sunud-sunuran ang babae sa lalake, at walang lakas at kakayahan ang babae para tumanggi dahil na rin sa pag-ibig niya rito. Hindi lamang ang salapi ang ginamit ng lalaki para mapasunod ang babae, pati na rin ang labis na pag-ibig ng babae sa kanya. Pinaniniwalaan at sinusunod ng pangunahing tauhang babae ang lahat ng sinasabi ng lalaki dahil na rin sa paniniwalang ito ang kanyang tagapagligtas.

Ipinahayag sa nobela:

"Hindi lang ako sikat sa school namin, kundi pati sa iba ring school. Mas mahigit pa ata ako sa artista. Ako'y isang casanova't playboy kong saan lahat ng babae ay pinaglaruan ko. Masyado ng madami para bilangin ko pa kung ilan na ba ang babaeng nadaanan ko. I don't treat them as my girlfriend, asa naman sila. Pero sadyang kumakalat na ang mga assuming dito sa mundo, kaya ayun at nag assume na girlfriend ko sila. I don't usually smile to crowd of people. Simpleng galaw at hinga ko na nga lang ay mapapatili ko na ang mga babae. Minsan hindi ako malandi, mga babae lang lumandi sakin, edi go. Makatagal ito ng mga 3-5 days kung maswertahan man. Kadalasan kasi, pinaglaruan ko lang kaya magtatagal lang ng one-day o half day na nga lang! Swerte nila at pinagtuonan ko pa sila ng atensyon kahit one second nila akong makasama. Hindi ko pa nasubukan na magiging seryoso sa isang relasyon. Walang salitang 'pag-ibig' ang nakasulat sa diksyonaryo ko, mga babae lang ata ang mahilig ng ganun. At wala akong plano na makaranas man noon, basta wala akong pakialam! Sa tuwing pumapasok ako sa eskwelahan, kumpulan ng mga babae ang kadalasang sumalubong sakin. Ang init pa ng ulo ko, hot ng katawan ko, samahan mo pa ang init ng panahon, naiinis na ako sa mga tao. Wala naba silang iba pang magawa sa buhay, hindi ba sila nagsasawa?"

Hindi naman siguro masama ang umasa ang isang babaeng katulad niya na salat halos sa lahat ng bagay sa lalaking nagpakita sa kanya ng interes at pagtatangi. Kagaya sa relasyon na nagsimula sa *Facebook* na nauwi sa pag-aasawa ng isang *Australian blogger* at ng isang karaniwang babae na nagmula sa isa sa mga bayan sa Leyte. Kilalang-kilala at sikat ang *blogger* na ito ngunit umibig sa isang simpleng babae at ngayon nga ay masaya silang nagsasama. Sa isyung **sosyal**, umilag o umiwas sa karamihan ang babaeng karakter dahil sa panlilibak ng

mga ito sa kanya lalo na nang siya ay naging malapit sa lalaking mayaman. Ang pangunahing tauhan ay nakaranas ng diskriminasyon dahil sa kanyang estado sa buhay at pisikal na kaanyuan. Palagi siyang binu-bully ng kanyang mga kaklase at kapwa estudyante sa loob ng paaaralan pero hindi siya nagpatinag sa mga ito at nagpatuloy siya sa kanyang ng pag-aaral at binalewala ang kanilang mga panlalait at panghuhusga.

Sinabi sa nobela:

"ANO BA ANG PROBLEMA MO!?" Nag echo ang napakalakas kong sigaw sa buong hallway. Nakuha ko ata ang lahat ng atensyon ng mga estuyanteng papalabas na sana ng classrooms nila. Hindi ko akalaing ganun ka lakas ang sigaw ko like omg, pero hindi pa naman nasira yung ugat ko so gora pa rin! "What the hell!?" Nagulat siguro sila Brittany sa reaksyon ko at hinawa pa ang buhok niya. Ano ngayon? Sino ba naman ang hindi magagalit sa kagaguhang ginawa nila? Tanga lang din ang peg no! Ang sarap sabihin iyan sa mukha nila! Obvious namang sinadya iyon pero may pa 'oops oops' pang nalalaman! Ma oops kayo diyan sa akin eh! "Ikaw ang problema namin, bitch! Kung tumingin ka lang sana sa mga dinadaan ng tao eh. Bagay pa naman sayo ang maging janitress!" Tawa niya. NAKAKATAWA HA!?! Pagtatawanan talaga kita pag ikaw ang nadulas ditto "AH GANUN!?! BAGAY RIN ANG MUKHA MONG ISUBSOB SA SAHIG, DIBA!?" Sigaw ko. Mas lalong nagapoy sa galit ang mukha niya. Una pa lang iyon ha, galit na. Kung isubsob ko na kaya ang mukha niya right now! Dahil sa inis niya ay iginala niya ang mata niya sa paligid at kinuha niya na naman ang balde ng may laman ang tubig. Ibubuhos na sana niya iyon sa mukha ko nang itinulak ko pabalik ang balde kaya siya ang nabuhusan ng maruming tubig. Pasalamat nga siya dahil skirt niya lang ang nabasa Tss. Nakakatawa lang tingnan ano!?! ANO!?! Makikipag away na naman ba siya dahil sa simpleng bagay? "HOW DARE YOU! Tangina mo, look what you've done to my pretty dress!" Ilang mura narin siguro ang nadinig ko sa kanya. Mga nonsense lang ata ang lumalabas sa bibig niya eh! Kahit anong mura niya ay hindi niya na maibabalik. Ang OA lang no? "Ang tanga mo talaga kahit kailan! Fuck you, bitch! Kasalanan mo itong lahat eh!" Sigaw niya at namumula na ang mukha. "Ako pa ang may kasalanan? Kung ikaw nalang kaya ang maglinis-" Hindi ko na naituloy dahil hinila niya na ang buhok ko. Ang sakit pa ng pagkahila niya, bwiset!"

Hindi kailanman pwedeng pagsanibin ang langis at tubig dahil sa pagkakaroon nila ng magkaibang elemento. Tulad din sa dalawang taong nagmamahalan na nagmula sa magkasalungat na estado ng pamumuhay, marami silang makakalaban na mga taong mapanghusga at mainggitin at makatatanggap rin sila ng mga masasakit na salita mula sa mga ito. Kagaya sa mga natanggap na masasakit na salita ni Eva (Julia Barreto) mula sa lola ni Inno (Joshua Garcia) sa telenobelang "Ngayon at Kailanman" ng Abs-Cbn na halos nagpadurog sa kanyang puso at buong pagkatao lalo na nang pati ang pinakamamahal na pamilya ay nadamay sa panlalait nito. Ang isyung **kultural** ng nobela ay ang walang sawang pagmamahal ng mga magulang sa anak. Ang kanilang pagsuporta at paniniwala sa kakayahan ng kanilang anak ay sapat na upang hindi sila sumuko para maabot ang mga pangarap sa buhay kagaya na ginawa ng mga nakilalang magulang ni Eva sa teleseryeng *Ngayon at kailanman* ng *Abs Cbn*.

Sa nobelang *Whipped Entice*, ang hindi pagkapatay-pantay ng estado sa buhay pa rin ng babae at lalaking karakter ang masasalamina sa **isyung** ekonomik ng nobela. Ang lalaki na bagamat hindi kasing-yaman ng babae ay may malakas na personalidad na nagpapahina sa isang mayaman at *spoiled* na babae. Ang pagiging mayaman at maganda ng pangunahing tauhang babae ay hindi nakatulong upang magustuhan din siya ng lalaking iniibig.

Ayon sa nobela:

"Anong pinag uusapan ninyo dito?" ani Hector nang lumapit sa amin. "Your cousin's talking about her type of boys, Hector," agarang sagot ni Knox. "She got jealous. Alam mong may girlfriend iyong tao, sinasama mo pa sa pag alis mo. Ni hindi ka nagpaalam," ani Knox sa akin. Nagulat ako doon. "Jealous? Wala kaming ginagawang masama ni Koko, ah? That's weird!"

"Well what you did was weird! Sinama mo pa si Koko! Hindi mo nakitang ayaw ni Abby?" anang babaeng maarte. "Well, I'm sorry if she got jealous! Magkaibigan kami ni Koko kaya hindi ko inakalang magkakaganoon!" Umiling ako. Nakita ko ang pag-iling din ni Knoxx. Mukha siyang sobrang disappointed sa ginawa ko. "Childish..." bulong niyang narinig ko. "Sinong tinatawag mong childish?" I admit it, medyo nairita ako doon. "You... You're a spoiled brat!" Nalaglag ang panga ko sa sinabi ni Knoxx. "That's a very serious accusation, Knoxx," sabi ko. "I didn't know what happened between Koko and his girlfriend. If you want I can call Koko right now and siya na mismo ang magsabi sa inyo na wala lang iyon. Goodness!" "Whatever. You should apologize to Abby. She's upset," ani Knoxx sa akin. "Why would I apologize? Kung mag sorry ako, para ko na ring inaccept na may kasalanan nga ako! wala akong kasalanan. That was a friendly gesture!" sabi ko. Umiling si Knoxx sa akin. It's like he's giving up on talking to me. Parang may bumuhos na asido sa aking sikhura. Pinasadahan ko ng tingin ang ibang lalaking kumakausap sa akin kanina. Mabuti pa sila."

May mga taong hindi tumitingin sa pisikal na anyo at sa nilalaman ng bulsa ng isang babae o lalaki. Mahalaga pa rin sa kanila ang magandang kalooban ng isang tao. Ang salapi ay nauubos at ang pisikal na anyo ay nagbabago ngunit ang magandang kalooban ay kaangkinan ng isang tao na hindi mauubos o mababago. Sa isyung **pulitikal**, ang pagiging dominante ng lalaki ang mas umiral kahit masasabing mas mayaman ang karakter ng babae subalit hindi basta sumusuko at sumusunod na hindi lumalaban ang babae. Isang babaeng palaban ang pangunahing tauhan sa nobela na kung saan sinusuway niya ang mga magulang kung ayon sa kanya ay tama lamang at nagpapasaya sa kanya subalit wala siyang laban sa lalaking lihim na minamahal dahil sa simula pa lamang ng kanilang pagkikita ay nagpakita na ito ng pagkadisgusto sa kanya at tumanggap siya ng masasakit na salita mula rito.

Sinabi sa nobela:

"Why are you here?" Ngumisi ako sa tanong niya. He looks pissed. "I told you I was bored. Sumakay ako kay Abaddon at namasyal. I found this house. Nandito na ba ito noon?" Tumingala ako sa two-storey old looking house nila. "Hindi ba ay dito ka lumaki sa Alegria?" Tumango ako. "Yup. Pero hindi ako nagagawi dito. Hindi ka ba dito lumaki?" Kumunot ang ulo ko. "No... You should go now... mukhang uulan," ani Knoxx sabay iwan sa akin para kumuha ng tubig at maghugas na rin ng kanyang kamay. Hindi ko sinunod ang gusto niyang mangyari. I want to be here. Totoong dumidilim na nga dahil sa nagbabadyang ulan pero hindi ko na iyon inisip. Tiningnan ko ang puno ng mangga na nasa kanyang bakuran. Marami ng hinog. "Hindi mo ba kinukuha ang mga bunga ng mangga? They look so delicious..." sabi ko at binaba ko ang tingin sa kanya. Naabutan kong nakatingin na siya sa akin habang nagtatrapo ng kamay. "Hindi pa sila hinog," simpleng sagot niya. Umikot siya patungo sa likod ng Wrangler. Sinundan ko siya ng tingin... "You should really go now. Baka hinahanap ka na sa inyo..." Ngumisi ako. ". "Bakit ka nandito?" pagalit niyang sigaw. Hinawakan niya ang aking braso. Nanlaki ang mata ko. Hindi ko maintindihan kung bakit kahit galit siya ay lubos akong nagalak! "Sumilong?" Sinilong niya ako sa kanyang payong. "Silong ba 'yan?" sigaw niya ulit. Hinigit niya ako paalis doon. Dumikit ako sa kanya para hindi mabasa ng ulan. Nakatiitig na rin ako sa sobrang pagkamangha sa galit niya."

Sa isyung **sosyal**, ang pag-ilag at pangngimi ng ibang tao sa mayamang babae dahil sa kanilang mababang estado sa lipunan. Ang panlabas na anyo at kilos ng pangunahing tauhan sa nobela ay naimplwensiyahan ng kanluraning bansa dahil sa matagal na panahong panirahan doon kaya siya ay hinusgahan, nilibak at iniwasan ng mga tao lalo na ng lalaking natutunang mahalina.

Binanggit sa nobela:

"By the way, eto nga pala ang pinsan kong si Entice. Galing itong U.S. Ngayon lang siya ulit

nakauwi ng Alegria," ani Hector sabay hawak sa likod ng aking silya. Ngumiti ako sa katabi kong si Koko. Ang kanyang girlfriend na si Abby ay may masamang tingin sa akin. Nginitian ko parin iyong babae. Pinakilala ni Hector isa-isa ang mga kaibigan niya. Although, I forgot all of their names. Syempre, sa dami nila ay hindi ko na maalala. Iyong mga maiingay lang na nasa mesa ni Chesca ang siguro'y naaalala ko. Mula ulo hanggang paa niya ako tiningnan. Alam ko dahil nagawa niya pang dumungaw sa enclosed window niya. Inayos niya ang kanyang salamin bago sumagot. "Kumanan ka lang," istrikta niyang sinabi "I'm Joaquin," sabay lahad niya ng kamay. Ngumiti siya. I smiled back and took his hand. "Nice meeting you." "You're a freshman?" tanong niya. "Bago ka ah? Taga Maynila?"

Magkakakilala lang ang mga tao dito sa Alegria. Siguro dahil na rin iyon sa liit ng probinsyang ito at sa kaunting tao at pamilya lamang ang mga narito. "Hmmm. Yup." "Kaya pala... Saan ka nakatira?" tanong niya. "Hmmm. Sa dela Merced," iyon lamang ang sinabi ko at kitang kita na naguluhan siya. "Dela Merced?" Nag isip siya. "

May mga babaeng hindi halos makabasag-pinggan kung pagababatayan ang kilos, pananalita at pananamit pero hindi na pala mabilang ang mga naging lalaki sa kanilang buhay. At may mga babaeng halos labas na ang kaluluwa sa damit na suot, magaslawa ang kilos at malutong kung magmura ngunit sila pa ang mga inosente at may magandang katauhan. At minsan lang na sa reyalidad ay nakakasalamuha ng mga mahihirap ang mga mayayaman. Magkaiba ang mundo na kanilang kinabibilangan at kadalasan ang palaging kasama ng mayaman ay kapwa niya mayaman at ng mahirap ay kapwa niya mahirap. Na sa tunay na buhay, ang isang doktor ay nakapag-aasawa ng isa ring doktor; ang isang guro ay kung susuwertihin ay makapag-aasawa ng isang abogado o *accountant* dahil isa ring guro ang kanyang mapapangasawa at kung mamalasin pa ay isang tambay o *habal-habal driver*; at ang isang tindera ay makatutuluyan ng isang drayber o kargador. At sa isyung **kultural**, ang paggalang sa nakatatanda ng babaeng karakter kahit lumaki sa ibang bansa, nanatili sa kanya ang pagiging magalang at pagsunod sa kagustuhan ng nakatatanda at ng kanyang mga magulang. Dahil kumakapit pa rin siya sa paniniwala na ang tunay na kapamilya ang mas natutuwa kung ang kanilang anak ay nakatagpo nang tunay na kaligayahan.

Mababasa sa nobela:

"Intindihin mo na lang ang ama mo. Protective lang siya sa'yo. Ikaw lang ang nag iisa niyang anak. Babae ka pa kaya mas lalo siyang mag aalala," ani Lola sabay haplos sa aking pisngi. Tumango ako. Naiintindihan ko naman si daddy. Naiintindihan ko rin ang pagkakamali ko. Hindi ako nagpaalam ng maayos. "Talaga bang sisiantehin ni daddy ang mga tauhan? They didn't do anything wrong! I was to blame; I'm sure dad knows that!" sabi ko. Nagkatinginan si mommy at lola. "Kanina habang wala ka pa, galit na galit ang daddy mo, Entice. I'm just not sure if he'll be convinced na huwag na silang sisantehin. Maybe you can convince him." Tinanggap ko ang kaparusahan para sa akin. Ang sabi ay eskwela at bahay lang ang gagawin ko kinabukasan,"

Ang mga isyung nakaiimpluwensiya sa kababaihan na mababasa sa tatlong (3) nobela sa *cyberspace* ay ang isyung ekonomik, isyung pulitikal, isyung sosyal at isyung kultural. Sa isyung **ekonomik**, mapapansin na ang may karakter ng babaeng mahirap na napipilitang tanggapin ang tulong ng lalakeng karakter na naging sanhi ng pang-aabuso at pananamantala ng huli sa una. Sa isyung **pulitikal**, ang pagiging mayaman ng lalaking karakter ang dahilan para mas maging dominante sila at maging sunud-sunuran ang mga babae o kung mayaman man ang babae, sila pa rin ay nanatiling tagasunod sanhi ring ng kanilang labis na pagmamahal sa lalaki. Sa isyung **sosyal**, mapapansin na halos nawawalan sila ng oras sa kanilang pamilya, mga kaibigan pati maging sa sarili dala ng kanilang pagbibigay ng buong atensiyon sa lalaking minamahal. At sa isyung **kultural**, ang hindi matutumbasang pagmamahal ng mga magulang sa kanilang mga anak mas nangibababaw sa mga nobelang sinuri. Na handang magsakripisyo at masaktan alang-alang sa kapakanan at kaligayahan ng mga anak.

4. Kongklusyon

Ang mga isyung nakaiimpluwensiya sa kababaihan na mababasa sa tatlong (3) nobela sa *cyberspace* ay ang isyung ekonomik, isyung pulitikal, isyung sosyal at isyung kultural. Sa isyung **ekonomik**, mapapansin na sa nobelang sinuri, ang karakter ng babaeng mahirap na napipilitang tanggapin ang tulong ng lalaking karakter na naging sanhi ng pang-aabuso at pananamantala ng huli sa una. Sa isyung **pulitikal**, ang pagiging mayaman ng lalaking karakter ang dahilan para mas maging dominante sila at maging sunud-sunuran ang mga babae o kung mayaman man ang babae, sila pa rin ay nanatiling tagasunod sanhi ring ng kanilang labis na pagmamahal sa lalaki. Sa isyung **sosyal**, mapapansin na halos nawawalan sila ng oras sa kanilang pamilya, mga kaibigan pati maging sa sarili dala ng kanilang pagbibigay ng buong atensiyon sa lalaking minamahal. At sa isyung **kultural**, ang hindi matutumbasang pagmamahal ng mga magulang sa kanilang mga anak mas nangibababaw sa mga nobelang sinuri. Na handang magsakripisyo at masaktan alang-alang sa kapakanan at kaligayahan ng mga anak. Kakikitaan din na may ibat'ibang uri ng babae sa lipunan na nagpapamalas ng kahinaan dahil pumapayag itong apihin o abusuhin, may babae naman na nagpapakita ng katatagan at pagiging maparaan upang harapin ang mga pagsubok sa buhay sa ngalan ng pag-ibig.

Sa mga isyung nakaiimpluwensiya ayon sa **ekonomik** ay nangingibabaw ang kahirapan kung kaya ang kababaihan ay inaabuso, sa **pulitikal** ay dominante pa rin ang kalalakihan dahil pumapayag pa ring maging sunud-sunuran ang babae samantalang sa **sosyal** naman ay kakikitaan ng kakulangan ng oras para sa sarili, pamilya at mga kaibigan sapagkat higit na ibinubuhos ang oras sa kanilang minamahal at sa **kultural** naman ay ang pagmamahal at pagbibigay- galang sa mga magulang ng mga anak na nakatutulong upang maging mas matatag ang kababaihan.

5. References

- Acuin, D.G. (2016). *Mga isyung kasarian at kaunlaran sa mga dulang nagkamit ng gantimpalang Carlos Palanca: Batayan sa pagbuo ng mungkahing pagsasanay sa pagtuuro ng panitikan*.
- Arrogante, J. A., et al. (2008). *Panitikang Filipino: Antolohiya*. National Bookstore
- Belvez, P. M. et al. (2000). *Panitikan ng lahi Pangkolehiyo*. Rex Printing Press.
- CEDAW, Article 1.
- Encarta Dictionaries.
- Fajardo, A. R. (2006). *CEDAW brief in English*. NCRWF.
- Krippendorff, K. (2004). *Content analysis: An introduction to its methodology* (2nd ed.).
- NEDA. (2004). *Women issues. Plan framework of the Philippines, Plan for gender responsive development, A Handout, 1995-2025*. NEDA.
- NEDA-RDC8. (1997).
- Parpart, J., & Connelly, P. (2000). *Theoretical perspective on gender and development*. IDRC.
- Peake. (2017). Article on International Womens's Day.
- Recibido, A. (2010). <https://www.pia.gov.ph>
- Rojas, V. Y. (2010). *Mga isyung gender and development sa mga dulang nagkamit ng gantimpalang Carlos Palanca sa Dekada 80: Input sa pagbuo ng modelong banghay aralin sa pagtuturo ng panitikan*.
- Valbuena, T. V. (1998). *Introduction to qualitative research methods*. De la Salle University Press.
- Villafuerte, P. V. (2000). *Panunuring pampanitikan: Teorya at pagsasanay*. Mutya Publishing House.